# Paggawa ng mga hakbang upang mabawasan ang speeding

*Vaughan inilunsad ang programang Automated Speed Enforcement*

**VAUGHAN, ON (Oktubre 30, 2024)** – Ang kaligtasan sa daan ay patuloy na nagiging pangunahing priyoridad para sa Lungsod ng Vaughan – at gumagawa kami ng maraming hakbang upang mabawasan ang speeding sa ating komunidad. Ang pinakabagong paglulunsad sa araw na ito – ang Automated Speed Enforcement (ASE)!

Opisyal na pinasinayaan ni Mayor Steven Del Duca at ng mga Miyembro ng Konseho ang programa sa pamamagitan ng pagpapakita ng kauna-unahang karatulang '*Municipal Speed Camera Coming Soon*' ('*Paparating na ang Munisipal na Speed Camera*') sa Ansley Grove Road, timog ng Misty Meadow Drive.

Bilang bahagi ng aming nagpapatuloy na pangako ng pagprotekta sa ating mga pinakabulnerableng gumagamit ng daan, darating ang mga speed camera sa Mga Sonang Pangkaligtasan sa Komunidad sa buong lungsod, kabilang ang mga sona ng paaralan, ayon sa priyoridad simula bagong taon. Gumagamit ang ASE ng camera at aparato sa pagsukat ng bilis upang ipatupad ang mga speed limit. Kung ang sasakyan ay lumampas sa nakapaskil na speed limit sa isang lugar ng ASE, kukuha ang sistema ng litrato na susuriin ng isang Provincial Offences Officer. Pagkatapos ay ipapadala sa may-ari ng sasakyan ang larawan ng pagkakasala, plaka ng sasakyan at tiket (sinuman ang nagmaneho) sa loob ng 30 araw.

Nakalagay na ngayon ang karatula sa mga lokasyon kung saan ilalagay ang mga camera sa unang bahagi ng 2025 kung saan magiging live ang 10 mobile camera sa buong lungsod. Pinili ang mga lokasyon gamit ang pamamaraang hatid ng mga datos upang tukuyin ang mga lugar kung saan pinakamalaking alalahanin ang speeding, na inuuna ang mga lugar batay sa laki ng trapiko sa kabuuan, kasaysayan ng banggaan at pagkakaroon ng mga bangketa, pasilidad sa pagbibisikleta, paaralan, parke, sentrong pangkomunidad at aklatan.

Ipinapahiwatig sa ebidensya at pananaliksik na mabisang nagamit ng iba pang mga hurisdiksyon ang ASE upang mabawasan ang mga bilis sa mga lokal na daan, na nag-aambag sa mas ligtas na network ng daan para sa lahat ng gumagamit. Maaaring napansin na ng mga residente ang mga speed camera sa Vaughan dahil ang programang ASE ng York Region ay kasalukuyang nakalagay sa lugar sa hanay ng ilang daang panrehiyon.

Ang ASE ay idinisenyo upang magamit kasama ang iba pang mga pamamaraan at istratehiya sa kaligtasan sa daan, kabilang ang mga disenyo sa daan, mga inisyatiba sa edukasyon at tradisyonal na pagpapatupad ng pulisya. Ang programang ACE ay isa lamang sa maraming paraam na nagsusumikap ang Lungsod upang mabawasan ang speeding sa Vaughan sa pamamagitan ng MoveSmart Mobility

Management Strategy, na tumutulong sa pagbuo at pagdirekta sa bisyon ng Lungsod na magbigay ng mas ligtas, pinakamahusay at sustenableng sistema ng transportasyon.

**PAHAYAG**

"Ang pagpapanatiling ligtas ng ating komunidad at pagprotekta sa lahat ng gumagamit na daan ay isa sa aking nangungunang priyoridad bilang Mayor. Kaya ikinalulugod kong ilunsad ang programang Automated Speed Enforcement ng Lungsod ng Vaughan sa umagang ito. Isa ito sa maraming hakbang na aming ginagawa upang hikayatin ang mga nagmamaneho ng sasakyan na bagalan ang pagmamaneho sa mga kapitbahayan kung saan alalahanin ang speeding. Alam nating lahat na ang speeding ay kawalan ng pag-iingat, ngunit mahalaga pa ring ulitin – bagalan ang pagmamaneho, sundin ang mga alituntunin sa daan at mag-ingat sa ating mga pinakabulnerableng gumagamit ng daan, kabilang ang mga estudyanteng pumapasok at umuuwi mula sa paaralan. Gawin nating lahat ang ating bahagi upang matuyak na ligtas para sa lahat ang ating mga daan."
- Mayor Steven Del Duca

**MAIIKLING KATOTOHANAN**

- Si Mayor Steven Del Duca, ang mga Miyembro ng Konseho at ang mga kawani ng Lungsod ay inilunsad ang programang ASE ng Lungsod ng Vaughan noong Oktubre 30 sa Ansley Grove Road, timog ng Misty Meadow Drive – isa sa mga tinukoy na lugar kung saan maglalagay ng ASE camera at pagaganahin sa unang bahagi ng 2025.
- Ang ASE ay isang sistemang gumagamit ng camera at aparato sa pagsukat ng bilis upang ipatupad ang mga speed limit sa mga tinukoy na lugar.
- Magkakaroon ng kabuuang 10 mobile camera na magiging live sa buong Vaughan bilang bahagi ng programang ASE ng Lungsod. Ang mga karatulang *'Municipal Speed Camera Coming Soon'* ay inilagay sa mga lokasyon kung saan pagaganahin ang mga camera sa unang bahagi ng 2025.
- Sa pamamagitan ng MoveSmart, ang Lungsod ay may ilang programang itinakda upang itaguyod ang kaligtasan sa daan, kabilang ang:
    - Aktibong Pagpasok sa Paaralan
    - Patakaran sa mga Sonang Pangkaligtasan sa Komunidad (PDF)
    - Mga Pagsusuri sa Corridor
    - Plano ng Pagpapakalma ng Trapiko sa Kapitbahayan
    - Patakaran sa Speed Limit
    - #SlowDownVaughan
- Ang York Region ay may programang ASE na ipinapatupad sa mga panrehiyong daan sa Vaughan.

**ALAMIN PA**

- Ang webpage ng Lungsod ng Vaughan sa automated speed enforcement

- Ang webpage ng Lungsod ng Vaughan sa mga sonang pangkaligtasan
- Ang webpage ng York Region sa automated speed enforcement

-30-

**TUNGKOL SA VAUGHAN:** Ang Lungsod ng Vaughan ay isa sa mga pinakamabilis na umuunlad na lungsod sa Canada na may populasyon na mahigit sa 344,412. Na-incorporate noong 1991, kasama sa Vaughan ang mga komunidad ng Concord, Kleinburg, Maple, Thornhill at Woodbridge. Ang munisipalidad na iba-iba ang kultura ay matatagpuan sa gitna ng York Region at Greater Toronto Area.

**KOKONTAKIN SA MEDIA**: Emily Gariepy, Coordinator, Media and External Communications
Communications, Marketing and Engagement Department
T. 647-544-0148 E. emily.gariepy@vaughan.ca